



Talasalinktaan: Pangnilalamang Pang-Unawa sa Piling Kabanata ng Florante at Laura

DOI: 10.5281/zenodo.20835888

Hazel R. Abalde

Cebu Technological University – Main Campus
hazel.rabago001@deped.gov.ph

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang bisa ng Talasalinktaan, isang dihital na glosaryong talasalitaan, sa pagpapabuti ng pangnilalamang pag-unawa ng mga mag-aaral sa piling kabanata ng Florante at Laura sa Filipino 8. Ang mga kalahok ay tatlong (30) mag-aaral mula sa Baitang 8 ng General Climaco National High School sa taong panuruan 2024–2025. Ginamit ang deskriptibo-eksperimental na disenyo sa pamamagitan ng pre-test at post-test upang masukat ang antas ng pag-unawa sa literal, inferensyal, at proposisyunal na antas. Kabilang sa mga ginamit na instrumento ang pre-test, post-test, survey questionnaire, at mga dihital na materyales na binuo ng mananaliksik. Batay sa resulta, tumaas ang mean score mula 16.17 sa pre-test tungo sa 23.67 sa post-test na may gain ratio na 46.39%, na nagpapakita ng pag-unlad sa pag-unawa ng mga mag-aaral, bagaman ipinakita ng pagsusuring estadistikal na walang makabuluhang pagkakaiba sa ilang kompetensi batay sa t-test. Sa kabuuan, natuklasan na ang paggamit ng Talasalinktaan ay nakatulong sa pagpapabuti ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa tekstong pampanitikan, kaya inirerekomenda ang patuloy na paggamit at pagpapahusay nito bilang makabagong kagamitang pampagtuturo.

Susing Salita: Talasalinktaan; Florante at Laura; Pangnilalamang Pag-unawa; Klasikong Akda; Dihital na Kasangkapan; Modyul sa Filipino 8; Glosaryong Talasalitaan

PANIMULA

Ang Florante at Laura ni Francisco Balagtas ay isang mahalagang klasiko na akda sa kultural na panitikan ng Pilipinas, at ito ay isang pangunahing bahagi ng kurikulum ng Filipino sa ikawalong baitang. Sa kabila ng kasaysayan, kultura, at mga aral nito, patuloy na hinahamon ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa wika, paggamit ng talinghaga at matalinghagang wika, mga kasangkapan sa panitikan, at simbolismo sa teksto. Ang problemang ito ay nagiging hadlang sa pagkuha ng mas malalim na pagkaunawa sa nilalaman at mensahe ng teksto.

Ayon sa mga obserbasyon, maraming mag-aaral ang nahihirapan sa literal, inferensyal, at proposisyunal na pag-unawa sa mga piling taludtod sa Florante at Laura. Kaugnay nito, ang pangangailangan para sa isang pedagogikal na na interbensyon planning upang tugunan ang problema, isang dihital na glosaryo na naglalayong palalimin ang kaalaman ng mga mag-aaral sa mga salitang mahirap abutin sa teksto.

Ang pag-aaral na ito ay nagtatanong, Paano pinapalalim ng aplikasyon ng Alampanalang ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa sa mga piling kabanata ng Florante at Laura? Layunin ng pag-aaral na ito na imbestigahan ang epekto ng Alampanalang sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa lahat ng tatlong antas ng pag-unawa sa pagbasa: literal, inferensyal, at proposisyunal sa isang pre-test at post-test na disenyo, at tukuyin kung may positibong pagbabago sa kanilang pag-unawa matapos ang interbensyon.

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay nakatuon sa mga mag-aaral na makamit ang sapat na kaalaman sa kabila ng patuloy na pagbabagong metodolohiya ng Departamento sa pagtuturo, i.e. face-to-face learning, online learning, blended learning, at modular learning, kung saan nakasaad na walang mag-aaral ang dapat maiwan, kasama na ang



mga may kapansanan. Ito ay batay sa DepEd memorandum Blg. 017, s. 2025 na matatagpuan sa ilalim ng PPST Indicator 3.4.2.

Higit pa rito, ang makabagong konteksto ng pag-aaral ay isinasaalang-alang ang edukasyon kung saan ang paggamit ng teknolohiya ay isang integral na bahagi ng pagtuturo, ang DepEd computerized program (DCP) na pinadali ng SDM Blg. 460 s. 2024, na higit pang pinahusay sa pamamagitan ng School Learning Action Cell sa DepEd Computerization Program (DCP) Adoption Training sa mga pampublikong paaralan. Layunin ng pag-aaral na ito na tugunan ang mahalagang pag-unawa sa panitikan, ang pagpapalawig ng bokabularyo ng mga mag-aaral ay magbibigay-daan sa mga guro na tulungan ang mga mag-aaral na talagang maunawaan at pahalagahan ang kayamanan ng panitikang Pilipino, sa gayon ay pinapalalim ang koneksyon sa kanilang kultural na pamana. Sa kabuuan, layunin ng pag-aaral na ito na tugunan ang problema ng mababang antas ng pag-unawa sa tekstong pampanitikan ng Filipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng ganap na gumaganang praktikal na solusyon sa anyo ng modernong, interaktibo, at dihital na talasalitaan na tinatawag na Talasalinktaan.

PAMAMARAAN

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibo-eksperimental na disenyo upang suriin ang epekto ng Talasalinktaan sa pangnilalamang pag-unawa ng mga mag-aaral sa *Florante at Laura*. Pinili ang disenyo ng ito sapagkat angkop ito sa pagtukoy ng pagbabago sa kakayahan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng isang interbensyon. Sa pamamagitan ng paghahambing ng resulta ng pre-test at post-test, naging posible na masukat ang antas ng pag-unlad sa literal, inferensyal, at proposisyunal na pag-unawa.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng tatlong (30) mag-aaral ng Baitang 8 mula sa General Climaco National High School sa taong panuruan 2024–2025. Gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling upang matiyak na ang mga kalahok ay may sapat na kakayahan at akses sa mga dihital na kagamitan na kinakailangan sa paggamit ng Talasalinktaan. Isinaalang-alang din ang kahandaan ng mga mag-aaral sa pakikilahok sa mga gawain at pagsusuri sa loob ng panahon ng pag-aaral.

Upang maging maayos ang daloy ng pag-aaral, ginamit ang modyul ng *Florante at Laura* bilang gabay sa pagtuturo at pagsusuri. Ang modyul ay binubuo ng mga sumusunod na piling kabanata: (1) Puno ng Salita – saknong 1-10, (2) Kaliluhay Hari – saknong 11-25, (3) Ang Panibugho – saknong 26-41, (4) Halina Laura Ko – saknong 42-68, at (5) Ang Pagdating ni Aladin sa Gubat – saknong 69-83. Ang mga kabanatang ito ay pinili upang matiyak na ang pagsusuri ay nakatuon sa literal, inferensyal, at proposisyunal na antas ng pag-unawa, alinsunod sa Pearson & Johnson Taxonomy (1972). Isinagawa ang pre-test upang masukat ang panimulang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral, sinundan ng interbensyon gamit ang Talasalinktaan na isinama sa mga aralin sa Filipino gamit ang dihital na kasangkapan, at pagkatapos ay isinagawa ang post-test upang masukat ang epekto ng interbensyon.

Sumailalim sa masusing proseso at upang matasa ang mga benepisyo at kaibahan ng isang pedagohikal na interbensyon upang mas maunawaan ang mga nilalaman ng akdang pampanitikan na tinatawag na *Florante at Laura*, ang unang hakbang ay ang pagdisenyo ng mga instrumento ng pananaliksik na kinabibilangan ng pre test, post test, survey questionnaire, at *digital educational materials* na ang mga nilalaman ay anggon sa layunin ng *DepEd Computerization Program (DCP)*. Ikalawa, ang mga mananaliksik ay humiling na mula sa punong-guro ng General Climaco National High School irehistro ang mga mag-aaral na ang baitang ay Baitang 8 – Seksyong Crislie. Ikatlo, isinagawa ang pre-test upang i-assess ang iniindang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa naitalang mga saknong ng *Florante at Laura* sa ibaba: literal, inferensyal, at proposisyunal. Ikatatlo, ang interbensyon ay isinagawa gamit ang Talasalitaan, isang dihital na kasangkapan na may kasamang mga berbal at biswal na eksplanasyon sa mga iilang nahanap na mahirap, mga website, tayutayan, at simbolismo ng teksto. Ikalima, ang post-test ay isinagawa upang matasa ang antas ng pagkaunawa ng mga mag-aaral pagkatapos ng interbensyon at upang matunton kung may mga pagbabagong naganap. Dagdag pa rito, ipinasuri muna sa dalubhasa sa Filipino ang piniling akda at ang ginawang interbensyon upang matiyak ang kawastuhan ng nilalaman, kaangkupan ng mga paliwanag, at ang pagkakatatugma nito sa antas ng kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral



Gayunpaman, para sa ganitong uri at antas ng data, ang mga metodong pananaliksik at estadistika na nabuo ay ang mga sumusunod: *mean, standard deviation, gain score, gain ratio, at t-test*, na isasagawa upang tukuyin ang mga estratehiya ng mga guro upang makaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino sa makabagong panahon, at para sa layuning ito, ang mga guro ay magkakaroon ng isang modyul na maaaring gamitin na nagsasama ng mga modernong teknika sa disiplina ng Pampanitikan.

RESULTA AT PAGTALAKAY

Sa bahaging ito, inilahad at sinuri ang mga datos na nakalap mula sa pre-test at post-test ng mga kalahok upang matukoy ang epekto ng Talasalinktaan sa pangnilalamang pag-unawa ng mga mag-aaral sa *Florante at Laura*. Ang pagsusuri ay nakatuon sa tatlong antas ng pag-unawa: literal, inferensyal, at proposisyunal.

Talahanayan 1
Distribusyon ng Iskor sa Pre-test at Post-test

Sukatan	Pre-test	Post-test	Gain Score
Mean	16.17	23.67	7.50
Standard Deviation	3.85	4.16	2.19

Batay sa Talahanayan 1, malinaw na nagkaroon ng pagtaas sa mean score ng mga mag-aaral mula 16.17 sa pre-test tungo sa 23.67 sa post-test. Ipinapakita nito na may pag-unlad sa pangnilalamang pag-unawa matapos ang paggamit ng Talasalinktaan. Ang gain score na 7.50 at gain ratio na 46.39% ay nagpapahiwatig ng positibong epekto ng interbensyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang bahagyang pagtaas ng standard deviation mula 3.85 tungo sa 4.16 ay nagpapakita na bagama't may pag-unlad, nananatili ang kaibahan ng kakayahan ng mga mag-aaral, na maaaring dulot ng pagkakaiba-iba ng kanilang karanasan at kahandaan sa pag-aaral.

Talahanayan 2
Antas ng Pag-unawa ng mga Mag-aaral

Antas ng Pag-unawa	Pre-test (Bilang)	Pre-test (%)	Post-test (Bilang)	Post-test (%)
Literal	30	100%	20	67%
Inferensyal	0	0%	6	20%
Proposisyunal	0	0%	4	13%
Kabuuan	30	100%	30	100%

Makikita sa Talahanayan 2 na sa pre-test, ang lahat ng mag-aaral (100%) ay nasa literal na antas ng pag-unawa. Ipinapakita nito na limitado ang kanilang kakayahan sa pagkuha ng tuwirang impormasyon mula sa teksto.

Pagkatapos ng interbensyon, nabawasan ang bilang ng mga mag-aaral sa literal na antas at may ilang umangat sa inferensyal (20%) at proposisyunal (13%) na antas. Ipinahihawatig nito na ang Talasalinktaan ay nakatulong upang malinang ang mas mataas na antas ng pag-unawa, bagama't karamihan ay nananatili pa rin sa literal na antas.

Ang ganitong resulta ay nagpapakita na ang paglipat mula literal patungo sa mas mataas na antas ng pag-unawa ay isang prosesong nangangailangan ng mas mahabang panahon at patuloy na pagsasanay.



Talahanayan 3
Resulta ng T-Test (Makabuluhang Pagkakaiba)

Kompetensi	Computed t-value	Tabulated Value	Interpretasyon
Matatalinghagang Ekspresyon	1.36	2.00	Hindi Makabuluhan
Tayutay	1.27	2.00	Hindi Makabuluhan
Simbolismo	0.42	2.00	Hindi Makabuluhan

Batay sa Talahanayan 3, ang lahat ng computed t-values ay mas mababa kaysa sa tabulated value na 2.00 sa antas na 0.05. Dahil dito, tinatanggap ang null hypothesis na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa mga kompetensiyang ito bago at pagkatapos ng interbensyon.

Bagama't ito ay tila salungat sa pagtaas ng mean scores, ipinapakita nitong ang pag-unlad ay hindi sapat upang maging makabuluhan sa estadistikal na antas. Maaaring ito ay dulot ng maikling panahon ng interbensyon at limitadong bilang ng kalahok.

Sa kabuuan, ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang Talasalinktaan ay may positibong epekto sa pangkalahatang pag-unawa ng mga mag-aaral sa *Florante at Laura*. Ang pagtaas sa mean score at ang paglipat ng ilang mag-aaral sa inferensyal at proposisyunal na antas ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng dihital na glosaryo ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa teksto.

Gayunpaman, ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa ilang kompetensi ay nagpapahiwatig na ang paglinang ng mas mataas na antas ng pag-unawa ay nangangailangan ng mas masusing pagtuturo, mas matagal na interbensyon, at mas maraming gawain na nakatuon sa kritikal na pag-iisip.

Sa liwanag ng mga natuklasan, maituturing na ang Talasalinktaan ay isang epektibong panimulang hakbang sa pagpapahusay ng pag-unawa ng mga mag-aaral, ngunit kinakailangan pang paigtingin ang implementasyon nito upang makamit ang mas mataas na antas ng pagkatuto.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa kabuuang resulta ng pag-aaral, napag-alaman na ang Talasalinktaan bilang isang dihital na glosaryong talasalitaan ay may positibong ambag sa pagpapabuti ng pangnilalamang pag-unawa ng mga mag-aaral sa *Florante at Laura*. Ipinakita ng pagtaas ng mean score mula pre-test patungo sa post-test na nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang kakayahan, partikular sa literal na antas ng pag-unawa. Ang pag-angat ng ilang mag-aaral sa inferensyal at proposisyunal na antas ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng berbal at biswal na suporta sa pagkatuto ay nakatutulong sa paglinang ng mas mataas na antas ng pag-iisip. Gayunpaman, ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa ilang kompetensi batay sa t-test ay nagpapakita na ang paglinang ng mas malalim na pag-unawa ay isang prosesong nangangailangan ng higit na oras, paulit-ulit na pagsasanay, at mas pinalalim na interbensyong pedagohikal.

Kaugnay nito, inirerekomenda ang patuloy na paggamit at pagpapahusay ng Talasalinktaan bilang makabagong kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino. Mainam ding pahabain ang tagal ng implementasyon nito at dagdagan ng mga gawaing magpapaunlad sa kritikal at analitikal na pag-iisip ng mga mag-aaral upang mas malinang ang inferensyal at proposisyunal na pag-unawa. Hinihikayat ang mga guro na isama ang dihital na talasalitaan sa kanilang mga estratehiya sa pagtuturo, habang ang mga administrador naman ay inaasahang magbigay ng suporta sa integrasyon ng teknolohiya sa silid-aralan. Para sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomenda ang mas malawak at mas pangmatagalang pag-aaral upang higit pang mapagtibay ang bisa ng ganitong uri ng interbensyon sa larangan ng pagtuturo ng panitikan.



SANGGUNIAN

- Alajar, M., & Orobia, J. (2025). *Digi-AI: Ugnayan ng dihiyal literacy at pagtanggap ng mga guro sa Filipino sa paggamit ng artificial intelligence sa pagtuturo*. Retrieved November 21, 2025, from <https://www.researchgate.net/publication/392526596>
- Balagtas, F. (2005). *Florante at Laura*. Project Gutenberg. Retrieved August, 2025, from <https://www.gutenberg.org/ebooks/15845>
- Chavez, R. C. (2022). *Integrasyon ng ICT sa pagtuturo ng panitikan sa ilalim ng new normal*. Retrieved November 21, 2025, from <https://deped-ne.net.ph/2022/08/01/5780/>
- Colendra, M., & Carada, R. (2023). *Gamification tools sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at komprehensyon sa pagbasa*. Retrieved August, 2025, from https://cdn.epratrustpublishing.com/article/227pm_11.EPRA%20JOURNALS%2014020.pdf
- Cruzado, A., & Abagon, M. (2021). *Integrasyon ng paggamit ng ICT software at tradisyunal na kagamitan sa pag-aaral ng literaturang pandaigdig ng mga mag-aaral sa grado 10 ng Botolan National High School*. Retrieved August, 2025, from <https://www.researchgate.net/publication/395014911>
- Department of Education. (2019). *DepEd Order No. 021, s. 2019: Policy guidelines on the K–12 basic education program*. Retrieved August, 2025, from https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/08/DO_s2019_021.pdf
- Department of Education. (2024). *DepEd computerization program (SDM No. 460, s. 2024)*. Retrieved August, 2025, from <https://www.deped.gov.ph/2024/03/25/deped-conducts-national-training-of-trainers-to-support-computerization-program-roll-out/>
- Espenida, J., & Mapa, L. (2023). *USAPP E-mobile: Interaktibong kagamitan sa pagbasa*. Retrieved November 21, 2025, from <https://ijnrd.org/viewpaperforall.php?paper=IJNRD2409014>
- Gannaban, R. (2013). *SNS: Isang estratehiya sa larangan ng pagtuturo*. Retrieved August, 2025, from <https://www.researchgate.net/publication/318528542>
- Gutiérrez-Colón, M., Frumuselu, A. D., & Curell, H. (2020). Mobile-assisted language learning to enhance L2 reading comprehension. *Interactive Learning Environments*. Retrieved November 21, 2025, from <https://doi.org/10.1080/10494820.2020.1813179>
- Hamzah, A., et al. (2023). *Reading comprehension challenges in Asia and the need for mobile-assisted learning interventions*. Retrieved August, 2025, from <http://jurnal.teknokrat.ac.id/index.php/JAE/article/view/208/0>
- Juancho, L. (2021). *Makabagong pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino: Pagtataya sa teknolohikal, pedagogikal at kaalamang pangnilalaman*. Retrieved November 21, 2025, from <https://www.researchgate.net/publication/369181385>
- Macapaz, M. K., & Mandado, J. (2023). *Informational text sa pagbasa at pagkatuto sa Filipino 7*. Retrieved August, 2025, from <https://www.researchgate.net/publication/371171806>



Paivio, A. (1972). *Dual coding theory*. In *Imagery and verbal processes* (pp. 1–76). Holt, Rinehart & Winston.
Retrieved August, 2025, from <https://www.jstor.org/stable/23359208>

Pearson, P. D., & Johnson, D. D. (1972). *Taxonomy of reading comprehension*. In *Teaching reading comprehension*.
Holt, Rinehart & Winston. Retrieved August, 2025, from
https://resources.corwin.com/sites/default/files/Figure_5.2_0.pdf

Studocu. (2022). *Epekto ng mga social networking sites sa mga piling mag-aaral*. Retrieved November 21, 2025,
from <https://www.studocu.com/ph/document/ama-university/>